"... magsisi ka, at sumampalataya sa EVANGELIO."

A N O A N G E V A N G E L I O ?

Ngayon ay ipinaaalam ko sa inyo mga kapatid, ang *EVANGELIO* na sa inyo ay aking ipinangaral, na inyo namang *tinanggap*, na siya naman ninyong *pinaninindigan*. Sa pamamagitan naman nito ay *ligtas* kayo, kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo ay *nagsipanampalataya* nang walang kabuluhan.

Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: kung paano si Cristo **namatay** dahil sa ating mga kasalanan ayon sa mga kasulatan; At siya ay **inilibing**, at siya ay **muling nabuhay** nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan; *ICorinto 15:1-4*

KAMATAYAN PAGLILIBING MULING PAGKABUHAY

Datapuwa't silang lahat ay hindi SUMUNOD sa EVANGELIO. Roma 10:16
"... parusa sa inyo ... na HINDI NAGSISITALIMA sa EVANGELIO ng ating Panginoong Jesucristo:" II Tesalonica 1:8
"... ano kaya ang wakas ng mga HINDI NAGSISITALIMA sa EVANGELIO ng Dios?" I Pedro 4:17

Paano SUSUNOD ang isang tao sa EVANGELIO ?

Paano pa tayo, na mga **patay** na sa kasalanan, mabubuhay pa sa kasalanan. Hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na nabautismuhan kay Jesucristo ay nangabautismuhan sa kanyang **kamatayan**? Tayo nga ay **nalibing** na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paano si Cristo ay **nabuhay na mag-uli** sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo ay makalalakad sa panibagong buhay. Sapagkat kung tayo ay naging kasama niya dahil sa pagkakatulad sa kanyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo katulad ng kanyang pagkabuhay na mag-uli. Roma 6:2-5

NAMATAY SA KASALANAN INILIBING NA KASAMA NIYA
N A B U H A Y N A M A G - U L I

At sinabi sa kanila ni Pedro, **Magsisi** kayo at **Magpabautismo** ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni JESUCRISTO sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at **tatanggapin ninyo ang kaloob** ng Espiritu Santo. Gawa 2:38

PAGSISISI BAUTISMO BANAL NA ESPIRITU

Paano ipinangaral ni JESUS ang EVANGELIO ?

Katotohanan, katotohanan sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang isang tao ay *ipanganak na muli*, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios. Maliban na ang tao ay *ipanganak sa tubig* at sa *Espiritu* ay hindi siya makakapasok sa kaharian ng Dios. Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang ikaw ay *ipanganak na muli*. Juan 3:3 + 5 + 7

KAPANGANAKANG-MULI TUBIG ESPIRITU

Paano ipinaliwanag itong karanasan sa kasulatan?

KAMATAYAN NAMATAY SA KASALANAN PAGSISISI KAPANGANAKANG-MULI		PAGLILIBING INILIBING NA KASAMA NIYA BAUTISMO T U B I G		MULING PAGKABUHAY NABUHAY NA MAG-ULI BANAL NA ESPIRITU E S P I R I T U	
Gawa 3:19	magbago	Gawa 3:19	upang mapawi ang mga kasalanan	Gawa 1:4	pangako ng Ama
Gawa 11:21	sumampalataya at magbalik-loob	Gawa 22:16	hugasan mo ang iyong mga kasalanan	Juan 7:38	buhay na tubig
Roma 6:6	napako ang dating pagkatao	ICor.6:11	nahugasan, naging banal, inaring-ganap	Gawa 3:19	panahon ng kaginhawaan
Roma 6:5	natanim sa pagkakatulad sa kanyang kamatayan	Gawa 2:38	kapatawaran ng kasalanan	Juan 14:26	Mang-aaliw
Gal.2:20	napakong kasama si Cristo	Gal.3:27	ibinihis si Cristo	14:17+16:13	Espiritu ng katotohanan
Ef.2:1 + 5	patay sa pagsuway at sa kasalanan	Ef.1:7	katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo	Roma 8:9	Espiritu ng Dios / Espiritu ni Cristo
Col.2:13	patay sa kasalanan at sa di-pagtutuli	IPedro 1:22	nilinis ang iyong kaluluwa	Roma 6:4	panibagong buhay
		Col.2:11	pagtutuli kay Cristo	ICor.12:13	pinainom sa isang Espiritu / binautismuhan sa isang katawan
		Col.2:14	pinawi ang mga alituntunin	Gal.3:14	pangako ng Espiritu
				Gal.4:6	Espiritu ng kaniyang Anak
				Ef.1:13	tinatakan
				Ef.1:14	patotoo sa ating mana
				Ef.2:1 + 5	b i n u h a y
				Ef.2:6	tayo ay ibinangon
				Col.2:6	tinanggap si Cristo na Panginoon
				Co.2:12	muling binuhay na kasama niya

Ako ay namamangha na kay dali ninyong nagsilipat sa <u>ibang evangelio</u> buhat sa tumawag sa inyo sa biyaya ni Cristo; Ito ay hindi ibang evangelio kundi mayroong ilan, na sa inyo ay nangguguloo at <u>nagnanais na pasamain ang evangelio ni Cristo</u>. Datapuwa't kami man o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng <u>anumang evangelio</u> na iba sa aming ipinangaral ay dapat itakwil. Galacia 1:6-8

Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang
E V A N G E L I O ni CRISTO:
dahil ito ang kapangyarihan ng DIOS sa
I K A L I L I G T A S
ng bawat <u>sumasampalataya</u>.
Roma 1:16

Sayadi-al-nas.ae
صيادي الناس